

The Project Gutenberg eBook of Buntong Hininga, by Pascual de Leon

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Buntong Hininga

Author: Pascual de Leon


Release date: August 5, 2005 [EBook #16446]

Most recently updated: December 12, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad, Pilar Somoza and PG Distributed Proofreaders from page scans provided by University of Michigan.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BUNTONG HININGA ***



BUNTONG HININGA

MGA TULANG TAGALOG

NI

PASCUAL DE LEON (*Pasleo*)

Mánunulat sa páhayagang "Ang Mithi" ("El Ideal")

at kasapi sa "Aklatang Bayan"

UNANG PAGKÁPALIMBÁG

Limbagang "LA FRATERNIDAD" Ilaya 672, Tundó

TALAN NG NILALAMAN

[PANGBUNĜAD](#)
[BUNTONG HININĜA](#)
[PAGSISISI.....](#)
[ALBUM NG DALAGA...](#)
[ANG ALBUM NI INA...](#)
[MGA PAPURI'T PARANĜAL SA KUMATHA
NITO](#)

PANGBUNĜAD

PANGBUNĜAD

*Pasleo: Pagdamutan ang
nakayang handog nĝ kapatid
sa kapatid:*

*Tunay at ang mundó'y maginto't mamutya:
may dunong, may pilak, may ganda, may tuwa,
may puri, may lahi't may bahay... datapwa,
ang lalong maranĝal sa ami'y: ang tula.*

*Ako'y hindi siláw sa ningning nĝ ginto;
di takót sa dunong; di gulát sa tayo;
sa mutya'y di kimi't sa ganda'y di dunĝo,
nĝuni't sa dakilang tula'y: yukong-yuko.*

*Pano, sa ang tula sa isáng panulat
ay siyang lahat na: dunong, puri, pilak...
sa isáng makata ang tula'y: ¡lahát-lahát!...*

*Ayán si Pasleo: ayá't ang namana
niyáng Diwa't Pusó'y ipinababasa...
Lahát na'y naritó: apóy, tamís, gandá...*

Pedro Gatmaitan.

Maynila, Sept., 1915.

I.

BUNTONG HININĜA

BUNTONG HININĜA...

Ako'y nagtataka! Aywan ko kung bakit
nagbabago yaring damdamin ko't isip,
ganyan na nĝa yata sa silong nĝ lanĝit
ang gawang mamuhay sa laot nĝ hapis.

Aywan ko kung bakit! Sa aki'y pumanaw
ang lahat nĝ tamis nitong kabuhayan,
sa aki'y nag-iba ang lahat nĝ kulay,
sa aki'y pag-api ang lahat nĝ bagay!...

Talaga nĝa yatang balot nĝ hiwaga,

balot n̄g pan̄garap at pagdadalita
ang palad n̄g tao kung magkabisala!
Pawang agam-agam ang laman n̄g lupa...!

Walang kilos na di paghamak sa akin,
walang bagay na di anyaya n̄g lagim,
walang dulot na di sa aking panin̄gi'y
aninong malungkot n̄g m̄ga hilahil.

Aywan ko kung bakit nagbago ang lahat
sa kabuhayan ko't matimtimang palad;
Samantalang ako'y inaalapaap
ay masasabi kong: ¡Lahat ay pan̄garap!...

¡HINAGPIS.....!

Páhiná 10

I.

Hindi ka na bago! Dati mo n̄g alam
ang hindi pag-imik kung naguulayaw;
ako'y pinipipi n̄g aking paggalang,
n̄g aking pagsuyong mataos, dalisay.

II.

Pinunit sa harap upang makilala
ang alab n̄g aking sinimpang pag-sinta,
diyan masusubok ang mithi ko't pita,
diyan masisinag ang luksang pag-asa.

III.

Wala ka n̄gang sala...! Ang kurus n̄g hirap
ay dapat matirik sa dusta kong palad!
Ako ang pulubing sa tinawag-tawag
ay lalong inapi... binigyang bagabag...!

IV.

Di ko akalaing ang lan̄git n̄g puso
ay man̄gun̄gulimlim... biglang maglalaho,
di ko akalaing sa likod n̄g samyo
n̄g m̄ga sampaga'y may lihim na suro...!

V.

Animo'y nagtikom sa gayong sandali
ang pintong maramot n̄g awa't lwalhati,
sa aki'y para nang ang kahilihiling
sinag n̄g ligaya'y lumubog, napawi...!

VI.

N̄gayo'y pamuli pang umaawit-awit
sa dilag mong kimkim, gandang maka-Lan̄git,
kung may alinlan̄gan sa taghoy, sa hibik,
ay maging saksi pa ang aking *hinagpis*.

¡DALAMHATI!...

Páhiná 11

I.

Aninong malungkot noong kahirapan
ang buhay n̄g tao sa Sangsinukuban,
ang tuwa't ligaya'y hinihiram lamang
kaya't ulap waring dagling napaparam.

II.

Ang mabuhay dito'y kapanǵapanǵanib
sa munting paghakbang ay silo nǵ sakit,
umiibig ka na nǵ buong pagibig
ay ayaw pang dinggin ¡ay himalang lanǵit!

III.

Hindi ka tatamo nǵ bahagyang galak
kundi pa matulog at saka manǵarap,
gayon man, kung minsa'y paos na nanawag
sa pagkakahimbing ang tinig nǵ hirap.

IV.

Sa paminsanminsang, sa aking gunita
mǵa pagsisisi yaong tumutudla.
Bakit pa lumaki't natutong humanǵa't
ang paghanǵa pala'y kapatid nǵ luha?

¡AKO...!

(... estoy enfermo y pálido de
tanto no dormir...

ACUÑA.)

Puso ko'y malungkot! Malungkot na tila
Ibong walang laya't lagas na sampaga,
Sa pasan-pasan kong mabigat na sala'y
Lason at patalim ang magpapabawa.

Ang ayos nǵ mundo ay isang kabaong,
Nagtayong kalansay ang puno nǵ kahoy,
Dila nǵ halimaw iyang mǵa dahon
At sigaw nǵ api ang inǵay nǵ alon.

¡Ano't ganito na ang pasan kong hirap!
¡Ano't ganito na ang aking panǵarap!
Ang lahat nǵ bagay ay napatatawad,
¿Patawarin kaya ang imbi kong palad?

Gabi-gabi ako'y hindi matahimik
Na parang sa aki'y mayrong nagagalit,
Ang pasan kong *sala'y* laging umuusig
Sa kabuhayan kong di man managinip.

¡ULAP...!

I.

Sa aking pagdaing, sa aking pagtawag,
sa sinamo-samo nǵ dusta kong palad
ay palaging dilim at libinǵang ulap
ang hangang sa nǵayo'y nagiging katapat.

II.

Lahat na'y nabata nǵ aking pag-ibig,
lahat na'y nasukat nitong pagtitiis,
lahat na'y napasang sa silong nǵ Lanǵit
maging ang parusang pagkalupit-lupit.

III.

Nagbago ang lahat! Subali't ang sagot
nǵ irog at buhay, sa aking pag-luhog
ay sadyang hindi pa binabagong lubos,

IV.

Nğuni't kaylan kaya sa kanya'y papanaw
ang ulap nğ isang wari'y alinlanğan?
at sa akin kaya'y kaylan mabubuksan
ang pintong may susing katumbas nğ buhay.

V.

Ang nakakatulad nğ aking pag-giliw
ay isang pulubing dumadaing-daing
na sa kanyang taghoy at pananalanğin
ay walang maawang maglimos nğ aliw!

VI.

Kanyang sinusubok ang aking pagsuyo,
kanyang tinatarok ang luha nğ puso,
kanyang binabasa sa pamimintuho
yaong katunayan nğ sinamo-samo.

VII.

Samantalang ako'y tumatawag-tawag,
lumuluha-luha sa gitna nğ hirap,
ay walang kapiling maging sa panğarap
liban sa anino nğ mğa bagabag.

VIII.

Ulap nğ hinagpis, ulap nğ parusa
ang nagpapasasang aking dinadama,
nğuni't kaylan kaya sa aking pagsinta'y
ang ulap na iya'y magiging ligaya.

¡ANG LUHA NG HIBANG.....!

Ayun, tumatanğis! Ayun, lumuluha't
tumataghoy-taghoy na nakaaawa.
Malasin ang hibang, ang sira ang diwa,
ang taong nananğis sa gabing payapa
na minsa'y maiyak, at minsa'y matuwa.

Malasin ang ayos nğ kahabaghabag
nğ pusong dinusta nğ kanyang panğarap;
malasin ang luha, ang luha nğ palad,
ang luhang nagmula sa kanyang pagliyang
na pinagkaitan nğ tamis nğ linğap.

Tumanğis na muli! At saka humibik
na mandi'y puputok ang latok na dibdib;
kanyang ipinukol ang mata sa lanğit
kasabay ang sabing:—"¿Kailan pa sasapit
ang mithing ligaya nğ aking pag-ibig"?

"¡Oh! Diosa nğ aking yaman nğ pag-asa,
¿kailan mo tutubsin ang puso sa dusa?
¿kailan papalitan nğ tunay na saya
ang nagluluksa kong ulilang pagsinta
na nananambitan...!"—at saka tumawa.

Ha! ha! ha! oh! irog! Aking paraluman,
hantunğan nğ aking buong kabuhayan!
kung hinihiling mo'y tulang tula lamang
nğ upang ang dusa'y minsang mabawasan,
naito't dinggin mo ang tula nğ buhay.

"Halika! halika! Tangapin mo nğayon
ang tula nğ aking pusong lumalanğoy;

basahing madali't dingging mahinahon
ang hibik n̄g bawa't talatang nanaghoy,
ang awit n̄g palad, ang sigaw, ang tutol.

"Oh! pusong maramot! Pusong mapang-api,
walang awang tala sa pagkaduhagi,
halika! ha! ha! ha! ang dilim n̄g gabi,
ang halík n̄g hanġin ay pawa kong saksí
sa panunumpa kong kita'y kinakasi.

Halika't sinagin sa luha n̄g puso
ang kulay n̄g aking sinimpang pagsamo,
halika't basahin sa pamimintuho
ang gintong panġarap n̄g aking pagsuyo
na nananawagan hanggang masiphayo",

.....
.....
.....

Dito na natapos yaóng panambitan,
dito na naputol ang pananawagan
n̄g sira ang bait, n̄g ulól, n̄g hibang,
n̄g pusong ginahís at pinagkaitan
niyang luwalhating katumbas n̄g buhay.

¡Anóng hirap pala n̄g gawang humibik
sa isang ayaw mang tumugo't makiníg!
¡Anóng hirap pala n̄g gawang umibig
lalo't aapihín sa silong n̄g lanġit
n̄g hiníhibikang pinapanaginip.....!

¡KURUS AT LIBINġAN..!

Páhiná 17

(PAMAMANGLAW)

(Irog: Kung ang
kalungkutan ko'y tinutugon
n̄g iyong damdamin ay
pamuli't muling basahin mo
lamang ang awit na ito. At
ako'y talagang may ugali na
matapang sa likod, at *duwag*
sa harap.)

I.

Narito't malasin itong kalagayan
At tutop ang noó sa kapighatian,
Aking binabakas yaong kasayahang
Nasulat sa dahon nitong kabuhayan.

II.

Hindi makakatkat ang mġa talata
Na tikóm sa guhit n̄g mġa biyaya,
At kung mayroon pang tagistis n̄g luha
Ay luhang nanggaling sa pagkariwara.

III.

Sa aking kalupi, sa aklat n̄g palad
Ay may mġa bagay na nanġasusulat,
Diyang makikita ang mukhang may hirap
At pusong malaong lunod sa panġarap.

IV.

Diyang mamamalas ang isang larawang
Sipi sa ulila't payapang libinġan,
Diyang makikita ang dusta kong buhay

Páhiná 18

Na sawang-sawa na sa kawáy n̄ hukay.

V.

Hindi ko matalos itong nangyayari't
Ang namamalas ko'y dilím na parati,
Bulo sa pagsuyo, bigo sa pagkasi,
Kurus sa baunan n̄ naduduhagi.

VI.

Sa pinto n̄ puso'y nanawag na lagi
Ang tinig n̄ dusang nakaaglahi,
Parang nananadyang sa aki'y bumati
Ang labi n̄ hirap, tinik, dalamhati.

VII.

Nais kong umibig. N̄uni't natatakot
Na ako'y umibig at saka lumuhog,
Pagka't nan̄an̄gambang sa aki'y matapos
Ang lahat n̄ aliw nitong Sangsinukob.

VIII.

Wala nang parusang gaya n̄ tuman̄gis
Sa harap n̄ isang hindi umiibig,
Wala nang parusang gaya n̄ tumitig
Sa sun̄git n̄ dilím n̄ gabing tahimik.

Páhiná 19

IX.

Sukat na sa akin ang ako'y malagak
Sa pamamangka ko sa ilog n̄ hirap,
Sukat nang masabing lagi kang pan̄garap.
At matitiis na ang pasang bagabag.

X.

Walang kailan̄gang mamatay sa dusa
Huwag ang bawiin ang pagkikilala,
Aking katuwaan kung ikaw'y makita
Sa piling n̄ aliw na di magbabawa.

XI.

Aking matitiis na sarilihin ko
Ang lahat n̄ pait sa buhay na ito
Kahit ang magtimi'y halik n̄ simbuyó
Huwag ang abuting ikaw pa'y magtampo.

XII.

Ipalalagay kong masayang aliwan
Ang namamalas kong kurus at libin̄gan,
Sapagka't sa aki'y darating ang araw
At diyan uuwi ang hiram kong buhay.

XIII.

Di ko pinupukaw ang pagkamapalad
Niyang iyong buhay na bagong ninikat,
Ikaw ang bituwing takpan man n̄ ulap
Ay maghahari din ang ningning na in̄gat.

Páhiná 20

XIV.

Lamang ang han̄gad kong iyong mapaglining.
Ay ang aking lungkot na di nagmamaliw,
Lungkot na aywan ko kung saan nanggaling
Kung sa m̄ga aklat n̄ isang paggiliw.

Matapos mabasa ang awit n̄g buhay
Ay limutin mo na ang aking kundiman,
Sapagka't ayokong mahawa kang tunay
Sa taglay kong lungkot at kapighatian.

KUNG AKO'Y SINO...

Páhiná 21

I.

Huwàg nang itanong; iyong akalaing
akong naghahayag n̄g maraming lihim
ay isang binihag n̄g m̄ga hilahil,
isang kaluluwang busabos n̄g lagim,
isang nan̄gan̄garap sa ganda mong kimkim,
isang tumatan̄gis, isang dumadaing,
isang nagaalay n̄g kanyang paggiliw,
isang umaasang hindi hahabagin.

II.

At kung ako'y sino? Sukat na n̄ga sinta!
ako ang tutugon sa mithi mo't pita...
Ninanaís mo bang ako'y makilala...?
Kung gayo'y makinig:—Akong sumasamba
sa iyong larawan sa tuwi-tuwina'y
pusong laging bihag n̄g hirap, n̄g dusa,
ako ang linikhang uhaw sa ginhawa't
may ulap na lagi ang aking pag-asa.

III.

At kung ako'y sino? Isang nan̄gan̄garap
magtamong biyaya sa iyong paglinḡap...
Isang umaawit n̄g lihim at hayag,
isang kandong kandong n̄g m̄ga bagabag,
isang nasasabik uminom, lumasap
sa saro n̄g buhay n̄g tuwa, n̄g galak,
isang binabayo n̄g m̄ga pahirap,
isang umiibig sa iyó n̄g ganap.

Si Puring...!

Páhiná 22

Sabihin na ninyong ako'y nan̄gan̄garap
ó nananaginip sa Sangmaliwanag
ay di babawiin itong pag-uulat
sa isang dalagang may magandang palad.

May tikas-bayani at tindig Sultana,
may hinhing kaagaw n̄g m̄ga sampaga,
may samyong kundimang hindi magbabawa
datnan ma't panawan n̄g gabi't umaga.

Ang matáng katalo n̄g mayuming tala'y
sapat nang bumihis sa pusong naluha,
ang n̄giting animo'y kaban n̄g biyaya'y
makaliligaya sa m̄ga kawawa.

Si *José Vendido*'y subukang buhayi't
sa diwang ito'y pilit na gigiliw,
paano'y may gandang batis n̄g tulain,
paano'y may yuming aklat n̄g damdamin.

Noon, ikaw'y aking minamalasmalas
sa pusod n̄ gayong tahimik na gubat,
ang iyong larawan noo'y nasisinag
sa linaw n̄ batis na awit n̄ palad.

Ikaw'y namimili n̄ batong mainam
at nilalaro mo ang m̄ga halaman,
sa damdam ko baga'y ang bawa't hawakan
n̄ m̄ga kamay mo'y nagtataglay buhay.

Yaong "makahiyang" mahinhi't mayumi
n̄ iyong hawaka'y hindi man nan̄gimi,
paano'y may galing ang iyong daliri't
ang m̄ga kamay mo'y banal, tan̄ging tan̄gi.

Sa puso'y tumubo ang isang paghan̄ga,
naguhit sa pitak ang isang diwata,
aywan ko kung ikaw! At tila ikaw n̄ga!
Subali't Mayumi, ¿ikaw'y maaawa?

Magsabi ang aklat na iyong binasa
kundi ang buhay ko'y siniklot n̄ dusa,
magsabi ang gubat kung hindi natayang
ang tulog kong puso'y iyong binalisa.

Páhiná 24

Mayumi, buhayin ang yumaong araw
sa tabi n̄ batis at lilim n̄ parang,
kung magunita na'y dapat mong malamang
naririto akong tigib kalumbayan.

Bagong Taon...

Páhiná 25

Hindi ko matalos kung ang aking puso'y
Magbabagong taón sa pagkasiphayo,
Ako'y naririto't ikaw ay malayo
Na animo'y buwang sa aki'y nagtago.

Inaasahan ko n̄ buong pagasa
Na ikaw sa aki'y sadyang lumimot na,
Kung magkakagayo'y iyong makikita
Ang maputlang bangkay sa gitna n̄ dusa.

Ako, sakali mang iniwan sa hirap
Ay nagsasaya rin kahit sa pan̄garap,
Sapagka't nais ko na iyong mamalas
Na ako'y marunong magdalá n̄ palad.

At sa pagpasok n̄ga n̄ bagong taon mo
Ay pawang ligaya ang hinahan̄gad ko
Na iyong tamuhin sa buhay na ito
Kahit pan̄garap daw ang lahat sa mundo.

KUNDIMAN NG PUSO

Páhiná 26

i.....!

Pan̄galang sing-ban̄go n̄ m̄ga sampaga,
laman n̄ tulain, hamog sa umaga,
awitan n̄ ibong kahalihalina,
bulong n̄ batisang badha n̄ ligaya.

Sa aki'y sukat na ang ikaw'y mamalas,
upang magkadiwa ang aking panulat,
sa aki'y sukat na ang ban̄go mong in̄gat
upang ikabuhay n̄ imbi kong palad.

Ikaw ang may sala! Bulaang makata
ang hindi sa iyo'y mahibang na kusa,
bulaang damdamin ang di magtiwala

sa ganda mong iyan, n̄g lahat n̄g nasa.

Yamang ginulo mo ang aking isipan
at naging n̄giti ka sa aking kundiman,
bayaan mo n̄gayong sa iyo'y ialay
ang buong palad kong tanġing iyo lamang.

Napakatagal nang ikaw'y natatago
sa pitak n̄g aking lumuluhang puso,
ang iyong larawa'y talang walang labo
at siyang handugan n̄g aking pagsuyo.

Kung nagbabasa ka'y tapunan n̄g malay
ang kabuhayan kong walang kasayahan,
kung masasamid ka'y iyo nang asahan
na ikaw ang aking laging gunamgunam.

Sa paminsanminsa'y tapunan n̄g titig
ang isang makatang hibang sa pagibig,
bago ka mahiga'y tuminġin sa lanġit
at mababakas mong ako'y umaawit.

¡ALA-ALA....!

Páhiná 27

Huwág mong isiping kita'y linilimot,
huwag mong asahang ang aking pag-irog
ay wala't kupas na
sa kimkim mong ganda,
huwag, aking kasi. Walang pagkatapos
ang tibok n̄g pusong napabubusabos.

Ikaw'y nagmalaki! Ako'y di binati
at parang hindi na kakilalang tanġi,
ganyan n̄gang talaga
ang taong maganda,
mapagmalakihin sapagka't may uri
na lubhang mataas kay sa isang Hari.

Ako'y linimot mo. Kahit magkakita'y
hindi man n̄gitian, gayong kakilala,
hindi ba't diwata
ikaw nitong diwa?
Hindi ba't batisan ikaw n̄g pag-asa
at ikaw'y may banġong sipi sa sampaga?

Tapunan n̄g malas ang masayang araw
na ako'y busabos niyang kagandahang
pumukaw na muli
sa aking kudyapi,
doo'y mababakas ang isang larawang
ako'y nakaluhod at nananambitan.

Iyan ang larawan n̄g isang makata
na uhaw na uhaw sa kimkim mong awa,
Iyan ang umawit
sa lahat n̄g sakit
na taglay n̄g pusong laging lumuluha
at sabik na sabik sa iyong kalinġa.

Páhiná 28

N̄gayo'y naririto't muling umaawit
ang iyong makatang inapi't hinapis,
habang inaapi'y
lalong lumalaki
sa dilag mong iyan, ang aking pag-ibig
pagka't ang puso ko'y singlawak n̄g lanġit.

Saksi...!

Páhiná 29

I.

Ikaw nga'y dapat kong mahalín nang labis
at ukulang tanġi n̄g aking pagibig,
pagka't natunayang ikaw'y isang lanġit
na di dadalawin n̄g mġa panġanib.

II.

Nananalig akong napakadalisay
nã iyong pag-ibig sa ating suyuan,
kaya't ang puso ko'y nagpapakatibay
hanggang sa sumapit ang dakilang araw.

III.

Pagaaralan ko, hanggang makakaya
na ikaw'y malagak sa tuwa't ginhawa,
pagiinãatan kong huwag kang magdusa
kung na sa sa akin ang iyong ligaya.

IV.

Kaya't aking irog: Ikaw'y pumanatag;
at kung sakali mang tayo'y mabagabag
ay huwag magtaká sa Sangmaliwanag
pagka't ang lanãit ma'y nagaalapaap..!

Kundiman...!

Páhiná 30

Dalagang butihin: Huwag kang humanãa
kung iyong makitang ang mata'y may luha,
ang kabuhayan ko'y hindi maapula
sa ikatatamo nã tanãing biyaya.

Ang luha sa mata'y laging bumabalong,
ang aking damdamin ay linilingatong,
ang kulay nã madla'y malamlam na hapon,
ang ayos nã lahat ay parang kabaong.

Sa aking paghiga'y laging nakikita
ang iyong larawan, dakilang dalaga
ikaw'y maniwalang ako'y umaasa
na di aabutin ako nã umaga.

Kaya't kung sakaling ikaw'y may paglinãap
kung may pagtinãin ka sa imbi kong palad,
ay mangyari mo nãang iligtas sa hirap
ang kabuhayan kong sawa sa panãarap.

Ang iyong pangako

Páhiná 31

Sa iyo, Pitimini.

Bago ka umalis at naglakbay baya'y
may naging panãakong sa aki'y iniwan
panãakong sa aki'y naging bagong araw
na nikat sa gitna nã katanghalian,
paano'y panãakong sa katotohana'y
nagbukas nã pinto nã kaligayahan.

Ikaw'y napalayo. Ako'y ilinagak
sa lanãit nã isang masunãit na palad
napatulad ako sa kimpal nã ulap
na walang bituwing magarang ninikat,
ang kabuhayan ko'y naging isang dagat
na di matatawid kahit sa panãarap.

Pinag-aralan kong lumanãoy sa sakit
at buong lakas ko ang siyang ginamit
ang iyong panãako sa aking panãanib
ay siyang timbulang kawáy nã pagibig,
noon ko nalamang ang taglay kong hapis
ay di magbabawa't singlawak nã lanãit.

Pinagtiisan kong labanan ang aking
pasanpasang hirap at mãa damdamin,

ang kawikaan ko'y ang gabing malalim
na napakasunġit ay natatapos din.
Ang taglay kong dusa kung ako'y palarin
ay magiging sayáng hindi magmamaliw.

Walang saglit na di ang iyong panġako
ang napapasulat sa aklat nġ puso,
walang araw na di ang aking pagsuyo
ay sabik sa tuwang kapintupintuho
kaya't nangyayaring madalas maligo
itong aking palad sa luhang nunulo.

Isinulit mo pang sa iyong pagdating
ang iyong panġako'y sadyang tutuparin,
ang aking pagasang puyapos nġ dilim
ay kinabakasan nġ bahagyang aliw,
paano'y umasang iyong tutubusin
ang kunis nġ buhay sa guhit nġ libing.

Magmula na noo'y naging maliwanag
ang lanġit nġ pusong nagaalapaap,
ang kurus na aking laging namamalas
sa mġa libinġan nġ nanġapahamak,
sa aking paninġin ay naging watawat
na kulay lungtiang kapanġapanġarap!

Ikaw'y napabalik, at tayo'y nagkita!
ang lamang palagi nitong alaala'y
ang iyong panġakong hindi magbabawa
na nġayo'y ibig kong tuparin mo sana,
nġunit hinding hindi. Ang aking pagasa'y
iyong ipinako sa kurus nġ dusa.

Sa ganyang paraa'y di kaya manglambot
ang kabuhayan kong puyapos nġ lungkot?
At sa pagkabigo'y hindi ba himutok
ang sa damdamin ko'y minsang maglalagos?
Ang mukha nġ araw ay biglang lumubog
sa likod nġ isang mapanglaw na bundok.

Sulyapan mo nġayon itong kalagaya't
balisang balisa sa kapighatian,
at hanggang hindi mo binibigyang tibay
ang naging panġako sa dusta kong buhay
ang kaluluwa ko'y magiging larawan
nġ nakalulumong kurus at libinġan.

¡ANG REYNA ELENA.....!

Ayu't lumalakad. Magarang magarang
animo'y bituing nahulog sa lupa,
kung minsa'y nagiging hibang itong diwa
at kung magkaminsa'y para akong bata,
paano'y hindi ko masukat sa haka
ang nararapat kong ihaing paghanġa.

Kung kita'y itulad sa dakilang araw
at ako ang lupa, ang lupang tuntunġan,
ay masasabi mong ako'y walang galang
at ako ay bihag niyong gunam-gunam.
Subali't butihin! Ang aking tinuran
ay tibok at utos nġ katotohanan.

Kung ikaw'y Reyna man sa ganda't ugali,
naman sa panġarap, ako'y isang Hari;
kaya't kung sabihi'y tala kang mayumi,
hamog sa umaga, banġong walang pawl,
ikaw ay manalig, manalig kang tanġi
at ang nagsasabi'y nabatu-balani.

Hanggang tumataas iyang kalagayan
nama'y naiingit itong kapalaran,
ang gunitain ko ay baka mawalay

sa puso mo't diwa ang aking panġalan,
kung magkakagayon, irog ay asahang
sa aki'y babagsak ang Sangkatauhan.

Páhiná 34

Sa iyo'y bagay nġa yaong pagka-Reyna,
pagka't sa ayos mo'y isa kang Zenobia,
may puso kang Judith, may nġiting Ofelia,
may diwang de Arco't may samyo kang Portia,
samantalang ako, akong umaasa'y
isa lamang kawal na lunód sa dusa.

Sa paminsan-minsa'y maanong kuruing
wala nang itagal ang aking damdamin,
kung magdaramot ka, Reyna kong butihin
at di mahahabag sa pagkahilahil
ay iyong asahang ang aking paggiliw
ay magkakalbaryong walang págmamaliw.

¡Huwag kang manganib...!

Páhiná 35

(SAGOT SA LIHAM MO)

I.

Maasahan mo ang aking pag-ibig,
ang buong buhay ko hanggang mayrong lanġit,
hanggang mayrong araw, tala, gubat, batis
ang iyong panġala'y laging na sa isip.

II.

Huwag kang manġanib! Di ko malilimot
ang ganda mong iyang sipi sa kampupot,
ang banġo at tamis nġ isang pag-irog
ay na sa sa iyo't hindi mauubos.

III.

Nang matunghayan ko ang padalang liham,
luha ko'y tumulo sa kapighatian,
paano'y gumuhit sa aking isipan
na: *ang tagumpáy ko'y iyong kamatayan.*

IV.

Di ko akalaing iyong ikahapis
ang pagtatagumpay nġ ating pag-ibig,
ang mġa luha mo'y ulan nġ pasakit,
ang kalumbayan mo'y pagdilim nġ lanġit.

Páhiná 36

V.

Ang pagtiwala'y tibay nġ pagkasi,
timbulan nġ puso nġ naruruhagi,
panilo sa mġa tapat na lalaki,
pag-asa nġ palad na di mapuputi.

VI.

Huwag mong isiping ako'y magsasawa
sa ating suyuang busog sa biyaya,
ang iyong larawa'y laging na sa diwa't
ang iyong panġalan ay aking dambana.

VII.

Aking natunghayan sa padalang sulat
ang kalungkutan mo't sinisimpang hirap.
Kay hirap maghintay nġ masayang bukas!
Kay hirap sabikin nġ isang panġarap!

VIII.

Magtiis ka irog! Darating ang araw
na ikaw at ako ay magkakapisan,
ang ulap sa ati'y biglang mapaparam
at magliliwanag ang Sangkatauhan.

IX.

Huwag kang manġanib! Darating sa atin
ang isang sandaling batis nġ paggiliw,
diyán matataya ang di magmamaliw
na aking paglinġap sa pagkabutihin.

X.

At kung katunayan nġ aking pag-ibig
ang hinihintay mong sa iyo'y isulit
ay narito akong gaya mong may hapis
at isinusumpa ang nununġong lanġit.

Páhiná 37

¡Lihim ng mga titig!...

Ibig kong hulaan sa silong nġ Lanġit
ang lihim na saklaw niyang mġa titig,
isang suliraning nagpapahiwatig,
nġ maraming bagay, nġ luha't pag-ibig.

Ako'y manghuhula sa bagay na iyan,
pagka't nababasa, sa hugis, sa galaw
nġ mġa titig mong halik nġ kundiman
ang ibig sabihin at pita nġ buhay.

Ikaw'y nagtatapon nang minsa'y pagsuyo,
minsa'y pang-aaba't minsa'y panibugho,
minsa'y paanyaya sa tibok nġ puso
nang upang sumamba't sa iyo'y sumamo.

Ang mġa titig mo'y may saklaw na lihim,
at maraming bagay ang ibig sabihin,
nġuni't sa palad ko'y isang suliraning
nagkakahulugang ako'y ginigiliw.

Páhiná 38

¡CHOLENG...!

(Tanġing sinulat upang
ihandog sa kaarawan mo—
ika 13 nġ Nov.)

I.

Guhit nġ liwanag, kislap nġ ligaya,
talutot na ginto nġ isang sampaga,
kalupi nġ buhay, hamog sa umaga,
Bathalang ang awa'y hindi magbabawa,
kaban nġ kundimang sa nanġunġulila'y
halik nġ biyaya't sugo nġ ginhawa,
timbulan nġ palad sa mġa parusa,
tinig na mayumi nġ mahinhing maya.

II.

Larawang kalasag sa mġa pasakit,
tulay nġ lwalhating patunġo sa lanġit,
halamang magarang sa paligid-ligid
ay mġa bulaklak na kaakitakit,
bundok na palaging sa libis ay batis
na maiinuman nġ budhing malinis,

Páhiná 39

III.

Sultana n̄ Pasig, mahinhing Makiling,
sa ganda'y reyna nang dapat pan̄garapin,
isang Sinukuang anang salaysayi'y
babaing bumihag sa libong damdamin,
usok n̄ kamanyang na di magmamaliw,
Lan̄git na masaya at Buwang butihin,
Olimpong mayaman sa m̄ga awitin,
buhay na badhaan n̄ isang paggiliw.

IV.

Tahimik na lan̄git na nan̄gan̄ganinag
ang lamang biyayang tugon sa pan̄garap,
m̄ga kayamanang hindi matitinag,
sampagang sa ban̄go'y tulang walang kupas,
talang nagsasayang may mayuming sinag,
aklat na talaan n̄ aliw n̄ palad,
dahon n̄ kaluping yaong nasusulat
ay kadakilaan n̄ damdaming in̄gat.

V.

Tingkad n̄ pagasa, tuhog n̄ kampupot,
kudyapi n̄ palad, tamis n̄ pagirog,
watawat na sipi sa lalong matayog
na kaligayahang hindi mauubos,
haligi n̄ buhay na di matutupok
n̄ apoy n̄ samang dito'y nagsianod,
bathala n̄ gandang kung siyang magutos
sa matatakuti'y mawawalang takot.

VI.

Iyan ang si Choleng na sadyang mayumi't
laman n̄ panulat na kahilihili,
iyan ang larawang aking binabati
at isang dalagang hiyas nitong Lahi,
iyan ang diwatang ang paguugali'y
mayamang talaan n̄ saya't lwalhati,
iyan ang sampagang ang samyo, ang uri'y
pawang kapalarang walang pagkapawi.

VII.

At n̄gayo'y araw mo! N̄guni't ano kaya
ang maiaalay sa isang himala?
Walang wala Choleng! Hindi m̄ga tula,
ni hindi pan̄garap sa gitna n̄ tuwa,
kundi m̄ga mithing: *buhay, lakás, tyaga*,
ang sa talaan mo ay man̄gapatala,
iyan ang mabuting kalasag na handa
upang sapitin mo ang inaadhika.

VIII.

Basahin pa Choleng sa aklat n̄ buhay
ang tingkad n̄ aking dalan̄ging dalisay;
"Buhay mo'y maglayag sa kaligayahang
pan̄garap n̄ lahat sa Sangkatauhan.
Isang pagtatapat: Sa lupang ibabaw
ang palad n̄ madla ay isang digmaan,
ang iyong paglakad ay pakain̄gata't
ang buhay n̄ tao'y panaginip lamang.

Magsabi ang Lanġit kundi ikaw'y talang
Nagbigay sa akin nġ tuwa't biyaya,
Magsabi ang lahat kung hindi diwata
Ikaw nġ lalo mang pihikang makata.

Ikaw'y maniwalang ang musmos kong puso'y
Natuto sa iyong humaġa't sumamo,
Sisihin ang iyong dikit na nagturo
Sa kabuhayan ko, nġ pamimintuho.

At sino sa iyo ang hindi hahanġa?
Ikaw'y paralumang batis nġ biyaya,
Pakpak nġ panġarap at Reyna nġ awa.

Ang dilim nġ gabi sa aki'y natapos,
Nġumiti sa tangkay ang mġa kampupot,
Gayon ma'y narito't puso ko'y busabos.

Noo'y isang hapon...

Páhiná 44

(Kay.....)

Noo'y isáng hapon! Ikaw'y nakadunġaw
At waring inip na sa lagay nġ araw,
Ang ayos mo noon ay nakalarawan
Sa puso kong itong tigíb kalumbayan.

Anománg gawin ko'y hindi na mapawi
Ang naging anyo mong pagkayumi-yumi,
;Itóng aking pusong nagdadalamhati'y
Tinuruan mo pang umibig na tanġi!

Kung nang unang dako'y hindi ko nasabi
Sa iyo ang aking tunay na pagkasi
Ay pagka't ang aking puso ay napipi
Sa haráp nġ dikít na kawiliwili.

Sa nġayo'y naritó at iyong busabos
Ang aking panulat at aking pag-irog;
Ang aking panitik: walang pagkapagod,
Ang aking pag-ibig: walang pagkatapos.

Kung panġarapin ko ang lamlam nġ araw
At naging anyo mo sa pagkakadunġaw
Ay minsang sumagi sa aking isipang
"¿Ikaw kaya'y aking magíng Paraluman?"

Daglian...

Páhiná 45

(Sa iyo rin...)

Kung sa iyong pag-iisá
O sa iyong pagbabasá
Ay may matutunghayan ka
Na tunay na sumisintá,
Yaón ay wala nang ibá
Kungdi akong nagbabatá.

Akin na nġang naiulat
sa iyo, ang aking palad,
Nġuni't ang aking panulat
Ay di makapagsisiwalat
Nġ *layon* ko at *panġarap*.
Kakambal ko kaya'y hirap?

Tinding: ikaw'y maniwala
Na ang aking puso't diwa
Sa iyo'y sangla kong pawa;
Ang puso ko'y humahanġa,

Nğuni't umíd itong dila,
Ito kaya'y malikmata?

Ang may pagsintang malabis
Ay umid at nahahapis,
Ligaya na nğang masilip
Yaong kanyang nilalanğit,
¿Tubsin mo kaya sa sakit
Ang pagkasi kong malinis?

Unang damdamin!

Páhiná 46

(Sa iyo.....)

I.

Bathala nğ ganda! Hindi kailanğang
sa aki'y magtaka sakaling alayan
nğ paos na tinig nğ aking kundiman,
pagka't alam mo nang diwata kang tunay.

II.

Ikaw ang pumukaw sa aking panulat
upang maawit ko ang yumi mong inğat,
ikaw ang sa aking kalupi nğ palad
ay unang nagtitik nğ isang panğarap.

III.

Ipagpatawad mong sa iyo'y sabihing
ikaw ang bathalang pumukaw sa akin,
ikaw ang nagbukas sa aking damdamin
nğ lihim at unang pinto nğ paggiliw.

IV.

Kundi kasalanan ang gawang tumanğis
ay ibilang mo nang kita'y iniibig
at kung ang luhog ko'y iyong ikagalit
ay ibibilang kong isang panaginip.

¡INFIERNO....!

Páhiná 47

Tinatakhan mo ba ang aking pag-irog?
Dinaramdam mo ba ang aking paglimot?
Huwag kang mamangha't di mo masusubok
ang kadalisan nğ aking pagluhog.

Sa aki'y di sukat ang mğa babae,
sa aki'y di sukat ang iyong pagkasi,
ako'y inianak sa pagkaduhagi
kaya't magagawa ang minamabuti.

Ako'y malilimot kung siya mong nais
at pakasumpain sa silong nğ lanğit,
ikaw'y may laya pang sa iba'y umibig
pagka't may ganda kang hiraan nğ awit.

Subali't alaming... ikaw'y masasayang
kung mahihilig ka sa ibang kandunğan,
sapagka't ang ating nanğagdaang araw
ay di malalanta sa iyong isipan!

Ang lahat sa lupa'y iyong mahahamak
at maaari kang magbago nğ palad,
nğuni't susundan ka sa iyong paglakad
nğ isang anino nğ ating lumipas.

Iyong magagawa ang ako'y limutin
at matitiis ko ang pagkahilahil,
iyo mang isangla ang iyong paggiliw
sa ibang binata'y... di ko daramdamin!

Kung tunay mang *lanġit* ang iyong pagkasi'y
isang *Infierno* ring aking masasabi,
bihira sa mġa magandang babae
ang di salawaha't taksil sa lalaki.

Limutin mo ako kung siya mong nasa't
saka pa umibig sa ibang binata,
ang pagtataksil mo'y di ko iluluha
pagka't ang babae'y taong mahiwaga.

Ang paglilihim mo'y aking kamatayan,
ang ginagawa mo'y parusa nġ buhay,
kundi ka tutupad sa bilin ko't aral
ay ako'y walín na sa iyong isipan.

Di ko tinatakhan ang palad nġ tao
sapagka't ang lahat ay mayrong Kalbaryo
kung ang aking puso'y iyong *Paraiso*,
ang iyong pag-ibig ay aking *Infierno*.

¡Kamanyang...!

I.

Ang hapong malamlam ay naging tadhana
nġ bagong panahon sa aklat nġ diwa,
ang gabing madilim na di nagsasawa
sa pagmamaramot sa mġa biyaya
ay naging umagang sa aking akala'y
batbat nġ bulaklak na lubhang sagana,
ang buwang mayuming ayaw magmagara
ay naging dalagang kaagáw nġ tala.

II.

Ang mġa aliw-iw nġ palalong tubig
sa kabuhayan ko'y naging mġa tinig
nġ lalong mapalad sa silong nġ lanġit,
ang kulay nġ hirap na namimiyapis
ay biglang nagmaliw na di ko malirip,
ang mundo kong batbat nġ luha at sakit
ay naging mundo na nġ Haring makisig
ó isang palásyong malayo sa hapis.

III.

Ang tikóm na labi nġ mġa sampaga'y
namukád na bigla't naglabing ligaya,
ang dilim at ulap nġ aking pagasa'y
naging bagong araw na di magbabawa,
ang kukó nġ hirap at, banġis nġ dusa'y
naging mġa hamog sa dapit umaga,
ang guhit at ulos nġ mġa parusa'y
naging mġa nġiti nġ bagong Ofelia.

IV.

Huwag kang magtaka, dalagang mayumi
sakaling sabihing sa aki'y napawi
ang tinik nġ dusa't mġa dalamhati,
sapagka't sa nġayo'y aking napaglimi
na iyong pagsilang nang buong lwalhati
ang mġa nabagong nadama't nasuri,
ang mġa nakita't nabakas sa labi'y
tanda nġ paghanġa't sa iyo'y pagbati.

V.

At n̄gayo'y araw mo! Darakilang araw
ang siyang sumaksi sa iyong pagsilang,
at yamang ganito'y aking katungkulang
ikaw ay suubin n̄ aking kundiman
bagama't, alam kong ang awit n̄ buhay
ay awit n̄ m̄ga naaaping tunay
bagama't talos kong ang "lira" kong tanġan
ay hamak na "kurus" sa isang libinġan.

Páhiná 51

VI.

Walang kailanġan! At tila n̄ga dapat
na ika'w batiin n̄ aking panulat:
Dakilang dalaga, ang Sangmaliwanag
ay busog sa silo at m̄ga bagabag,
tayo'y isinilang upang makilamas
sa n̄gitn̄git n̄ dilim at sigwa n̄ palad,
matapos batii'y iyong isahagap
na ang buhay natin ay isang panġarap.

Ang abaniko mo...

Páhiná 52

(*Sa isang bulaklak.*)

Parang isang pilas n̄ lanġit na bughaw
ang namamalas ko kung ikaw'y magpaypay,
parang isang "mundo, ang pinagagalaw
n̄ napakaputi't nilalik mong kamay.

Iyan ang pamaymay na iyong ginamit
nang ako'y daranġin n̄ dila n̄ init,
diyan napasama ang patak n̄ pawis,
diyan napalipat ang pish̄gi n̄ lanġit.

Anopa't sa aki'y naging malikmata
ang buhay kong iyong binigyang biyaya,
nalimot kong minsang ang tao sa lupa
ay may kamataya't sariling tadhana.

Ang sunġit n̄ gabi, sa aki'y napawi
at bagong umaga ang siyang naghari,
ang damdam ko бага'y pawang nanaghili
sa akin ang m̄ga taong mapagsurí.

Subukang igawad ang Sangkatauhan
at hindi sasaya itong kabuhayan,
n̄uni't kung ang iyong "abanikong tanġan,
patay ma'y babanġo't ikaw'y aawitan.

Sa aki'y sukat na ang ikaw'y mamalas
upang ang lanġit ko'y mawalan n̄ ulap,
ang iyong pamaypay kung siya mong hawak,
ako'y dinaraíġ n̄ m̄ga panġarap.

Kung ikaw'y umibig

Páhiná 53

(*Sa aking Reyna.*)

Huwag nang sabihing ang tanġing Julieta
n̄ isang Romeo'y batis n̄ ligaya,
huwag nang banggitin ang isang Ofelia't
hindi mapapantay sa irog kong Reyna.

Subukang buhayin ang lima mang Venus
at di maiinggit ako sa pagluhog,
tinatawanan ko si Marteng umirog
sa isang babaeng lumitaw sa agos.

Ang pulá n̄ labi, ang puti n̄ bisig,
ang kinis n̄ noong wari'y walang hapis,
ang lahat n̄ samyo sa silong n̄ lan̄git
ay isinangla mo kung ikaw'y umibig.

Ang lahat sa iyo'y kulay n̄ ligaya,
ang lahat sa aki'y n̄giti n̄ sampaga,
kung magkakapisan ang ating pag-asa
ay magiging mundong walang bahid dusa.

Hindi mo pansin na ako'y lalaki,
hindi mo naisip na ikaw'y babae,
paano'y talagang kung ikaw'y kumasi
sa tapat na sinta'y nagpapakabuti.

Gabing maliwanag at batbat n̄ tala,
maligayang Edeng bahay n̄ biyaya,
iyan ang larawang hindi magtitila
n̄ iyong pag-ibig sa balat n̄ lupa.

Ang buhay n̄ tao'y hindi panaginip,
ang mundo'y di mundo n̄ hirap at sakit,
aking mapapasan ang bigat n̄ lan̄git
kung sasabihin kong: *Kung ikaw'y umibig.*

Páhiná 54

Tag-ulan...

May nan̄gagsasabing masama ang ulan,
may nan̄gagagalit sa lusak na daan,
ako ang tanun̄gi't... aking isasaysay
na ang tan̄ging *gloria'y* ang pagtatampisaw.

Ang m̄ga halama'y nan̄gananariwa
sa patak n̄ ulang hindi nagtitila,
ang aking pagkasing ibig mamayapa
kung ganyang tagula'y nagbabagong diwa.

Walang kailan̄gang sa aki'y magtago
ang mukha n̄ araw na di ko makuro,
sa aki'y sukat na ang iya'y maglaho
upang pasayahin ang kimkim kong puso.

Walang kailan̄gang sa Sangmaliwanag
ay laging maghari ang dilim at ulap,
ang patak n̄ ulan sa imbi kong palad
ay ban̄gong masansang na di man̄gun̄gupas.

Kung may mag-uulat na sa kalan̄gitan
ay may unos, baha, at patak n̄ ulan,
ay kunin na ako't hindi mamamanglaw
pagka't masasama sa kawal n̄ banal.

Ang patak n̄ ulan ay awa n̄ lan̄git,
lihim na biyaya sa m̄ga ninibig,
laman n̄ panulat sa m̄ga pag-awit,
sariwang bulaklak sa pitak n̄ isip.

Kung ang tan̄ging Musa'y may tampo sa akin
at ayaw sumunod sa aking paggiliw,
ang patak n̄ ula'y sukat ang malasin
upang ang *lira* ko'y sumuyo't sumaliw.

Kung sakasakaling ako'y maging bangkay
at saka ilagak sa isang mapanglaw
na labi n̄ libing... mangyaring ang ula'y
bayaang tumagos sa aking katawán.

Páhiná 55

II.

PAGSISISI.....

(TULANG MAY ANIM NA BAHAGI.)

- I. —[*Nasilaw sa dilim.*](#)
 - II. —[*Ang hamak na palad.*](#)
 - III. —[*Gayon man, gayon ma'y...*](#)
 - IV. —[*Ang panghihinayang...*](#)
 - V. —[*Kung ikaw'y binata...*](#)
 - VI. —[*Sa abó babançon...*](#)
-

¡PAGSISISI.....!

Páhiná 59

Sa iyo...

Nasilaw sa dilim...

I.

Anang m̃ga tao: *Ang m̃ga makata'y*
Sadyang isinilang upang magsiluha.
Nang una'y ayokong dito'y maniwala
Subali't sa ñgayo'y nakita kong tama.

Ang luha ñ tao ay may m̃ga dahil,
May luhang nagmula sa pagkahilahil,
May sa pagkaapi sa isang giniliw,
May sa pagkalayo sa inang butihin.

Ang luha ñ aking nagsisising puso
Ay hindi nanggaling sa pagkasiphayo,
Ni sa pagkaapi ñ aking pagsuyo,
Ni sa pagkagahis ñ isang palalo.

Ang luha ko'y buhat sa di pagkataya
Na ang tao'y mayrong *balon* ñ parusa,
Ang pagsisisi ko ay bumabalisa't
Bumawi sa akin ñ aking ligaya.

Talagang ang tao'y sadyang walang tigil,
Namali nang minsa'y ibig pang ulitin,
Ang tanaw sa *mundo'y mundong* walang lihim
At sa *Dios* ay *Dios* na di matandain.

Ang mundo ñga nama'y batbat ñ paraya't
Nagkalat ang silo sa balat ñ lupa,
Dito kung mayron mang sampagang dakila
Ay may tinik namang pamutol ñ nasa.

Páhiná 60

Ang pagkamasakim sa bañgo at puri
Ang isinasama ñ lalong mabuti,
Ang pagtinging labis sa pagsintang iwi'y
Siyang pagkabagsak ñ isang lalaki.

Oh! *bañgong* pañgarap ñ uhaw na puso!
Oh! *puring* nagbuwal sa lalong maamo!
Kayo ang *berdugong* may bihis-pagsuyo
Ñguni't iyang loob ay pagkasiphayo.

Ang sabik sa bañgo ñ isang sampaga't
Ang uhaw sa puri ñ isang dalaga'y
Siyang sumusunog sa kanyang pagasa't
Siyang nagsasabog niyong m̃ga Troya.

Dakilang bulaklak: Ako'y naniwala
Na ang nagawa ko'y kahibañgang pawa,
Ñgayon ko natantong *birhen* kang dakila,
May wagas kang puso't banal na akala.

Ako'y naririto't pinagsisisihan
Ang aking nagawang m̃ga kasalanan,
Aking babaunin hanggang sa libiñgan
Ang hinanakit mo't magagandang aral.

Talagang nalisya ang aking panġarap,
Puso ko'y inabot nġ bagyo sa dagat,
ĶAno't ikaw pa nġa yaong binagabag
Gayong ikaw'y isang *anghel* na mapalad?

Páhiná 61

Pawiin sa puso ang mġa nangyari
At iyong alaming may banġo ka't puri,
Samantalang gayon, ako'y nagsisisi
At binabawi ko ang mġa sinabi.

Nġuni't isang tanong: ĶKaya ang patawad
Sa namaling puso ay iyong igawad?
Ang mġa *luha* ko'y siyang ihuhugas
Sa napaligaw ko't nagsisising palad.

Ang hamak na palad...

II.

Aywan ko kung ikaw'y magtaglay pang awa
sa nagsisi ko nang lakad at akala,
aywan ko kung ikaw'y kulang pang tiwala
sa mġa nasayang at natak kong luha.

Kung natatalos mo ang luhang nasayang
sa mata ko't pusong laging naglalamay,
sana'y nasabi mong mayrong katunayan
ang dinaranas kong mġa kahirapan.

Ang hinanakit mo, sumbat at paglait
ay pawang nakintal sa dila ko't isip,
at ang ating lihim sa silong nġ lanġit
ay siyang sa aki'y nakakaligalig.

Pinag-aralan kong ikaw'y kausapin
nang upang ihayag ang buo kong lihim,
lihim nġ sa wari'y nagbigay hilahil
sa napakabatang puso mo't paggiliw.

Ang pagtatapat ko'y di mo minarapat
ang kawikaan mo, ako'y isang hamak,
ang naging ganti mo sa aking paglinġap
ay isang *libinġan* at *kurus* nġ hirap.

Páhiná 62

Ang hamak nġa nama'y hindi naayos
umibig sa isang Reyna nġ Kampupot,
ang *hamak* na palad ay dapat umirog
sa kaisa niyang *hamak* di't *busabos*.

ĶMaaari kayang ang isang *granada'y*
maihulog sa di gusto nġ *princesa*?
Ķmaaari kayang ang isang sampaga'y
makuha at sukat nġ taong bala na?

Kay laki nġ agwat nġ palad ta't uri,
ikaw'y isang lanġit na kahilihili
at ako ay isang hamak na pusali,
ikaw ay sariwa at ako'y unsyami.

Ang panghihinayang ang siyang nagtulak
na kita'y mahalín nġ buo kong palad.
Ang panghihinayang ang siyang nagatas
na kita'y itala sa aking panġarap.

Kung ikaw sa akin ay walang hinayang
sa aki'y sayang ka at sayang na tunay,
sabihin na akong kasakimsakiman
at ikaw sa iba'y di mapapayagan.

Lalo pang mabuting kanin ka nġ lupa
kay sa mahulog ka sa ibang binata,
ĶIba pa ang iyong bibigyang biyaya
gayong ako'y uhaw sa iyong kalinġa...?

Ipinipilit mong tayo'y pupulaan
kung sa lihim nati'y mayrong makamalay,
¿at sinong panğahas ang pagsasabihan.
nitong ating lihim sa sangkatauhan?

Ako'y nagsisisi't nabigyang bagabag
na naman ang iyong tahimik na palad,
kundanğay ang iyong banğong walang kupas
sa pagiisa ko'y siyang nasasagap!

Sa kahilingan mo, kita'y lilimutin
kahit nalalaban sa aking damdamin,
nğuni't ang samo ko'y iyong idalanğin
ang papanaw ko nang ulilang paggiliw.

Gayon man, gayon ma'y...

III.

Kung may kasayahan ang tao sa lupa
naman ay mayron ding pagkabigo't luha.
Kaya nğat ang tao, sa aking akala
ay laruan lamang nğ kanyang tadhana.

Yamang walang taong likas na mabuti't
walang nanğamaling hindi nanğagsisi.
Sa ikasisiya nğ iyong sarili'y
itatakwil ko na ang aking pagkasi.

Lulunurin ko na sa hukay nğ puso
ang aking yayaong nasawing pagsuyo,
ipagluluksa ko ang pagkasiphayo
nğ aking pag-ibig na di mo inako.

Pag-aaralan kong lumanğoy sa dagat
na puno nğ aking sariling bagabag,
pag-aaralan kong lumaban sa hirap
yamang siyang takda nğ buhay ko't palad.

Aking natatantong walang pagkasayang
sa iyo ang aking maralitang buhay,
sa iyo'y ligaya ang aking pagpanaw,
sa iyo'y lwalhati ang *kurus* ko't *hukay*.

Kung ikaw ay walang hinayang sa aki't
wala pang hinayang sa aking paggiliw,
ay iyong asahang aking sasapitin
ang ninanasa mong balón nğ hilahil.

¿Di mo nalalamang itong umi-ibig
sa lahat nğ bagay ay di nanğanğanib,
ang kamatayan ma'y kanyang malalait
kundi na makaya ang taglay na hapis?

Gayon man, gayon ma'y hindi masisira
sa akin ang iyong hiling at pithaya,
gaya nğ hiling mo, ako'y magkukusang
maghandog nğ iyong ikapapayapa.

Nğuni't manumbalik kaya ang paglingğap
sa aking namali't nagsising panğarap?
¿manumbalik kaya at hindi kumupas
ang iyong pagtinğin sa imbi kong palad?

Iyan ang isa pang di ko ikatulog
gayong nagsisi na ang aking pagirog,
iyan ang sa aki'y nagbibigay takot,
iyan ang sa nğayo'y di ko mapag-abot.

Hinuhulaan kong ang iyong paglingğap
ay magbabago na sa imbi kong palad,
ang kawikaan mo'y ang isang nabasag
mabuo ma'y mayrong natitirang lamat.

Sa isang gawi n̄ga'y may katotohanan
kung ganyan ang iyong magiging isipan,
n̄guni't alamin mong malinis na tunay
ang isang maruming nagbago n̄g buhay.

Magpahangga n̄gayo'y iyong mawiwika
na ikaw'y akin pang *sinisintang kusa*,
magiging totoo ang iyong hinala
kung ang puso'y muling hagkan n̄g paghan̄ga.

Kung muling gumiit ang panghihinayang
ikaw ay muli kong sisintahing tunay,
ang isa pa'y iyo namang nalalamang
ang *pagsisisi* ko'y *pagbibigay* lamang!

Ang panghihinayang...

IV.

May ilang araw nang ako'y kalung kalong
n̄g bisig n̄g dusa't kamay n̄g linggatong
may ilang araw nang sa mata'y nanalong
ang pait n̄g luhang usbong n̄g paglungoy.

Nakikita, mo mang ako'y tumatawa
nama'y tawang pilit at busog sa dusa,
di lahat n̄g n̄giti'y lagda n̄g ligaya,
may n̄giting singpait n̄g luha't parusa.

Ang nakakatulad nitong aking buhay
ay mundong ulila sa sikat n̄g araw,
katulad ko'y isang *prinsipeng* mayaman
na uhaw at salat sa aliw at layaw.

Páhiná 66

Upang pumanatag ang aking pagluha'y
aking kailan̄gan ang lingap mo't awa,
awang magbibigay n̄g yutang biyaya,
awang sa lungkot ko'y tan̄ging papayapa.

Nasabi ko na n̄gang nagsisi ang buhay
sa nais na kita'y mapagbigyan lamang,
kung susunurin ko itong kalagaya'y
di ka malilimot hanggang kamatayan.

¿Paano ang aking gagawing paglimot
sa iyong ang ban̄go'y higit sa kampupot?
Sa ganda n̄g iyong dibdib, baywang, batok,
ay sinong banal pa ang hindi iirog?

¿Sa puti n̄g iyong kamay na nilalik,
sa m̄ga labi mong may pulot at init,
sa m̄ga paa mo't binting makikinis
ay sinong pihikan ang hindi iibig?

Kung sinusukat ko ang ganda mong ari,
puso ko'y ninibok at nananaghili,
aking nasasabing *Talo ko ang Hari*
kung ako ang iyong mamahál na tan̄gi!

Ang panghihinayang ang siyang sa aking
puso'y bumabayo't sumusupilsupil,
kung ikaw'y bigla ko't buong makakai'y
kinain na kita nang ikaw'y malihim.

Huwag mong sabihin na ako'y gahaman
kung kagahaman n̄ga ang layon ko't pakay,
para ko sabihin ang katotohana'y
walang taong hindi may *imbot* sa buhay...

Páhiná 67

Sakaling sa aki'y ayaw kang manalig
ang lahat n̄g sumbat sa aki'y ikapit,
ang m̄ga sumbat mo nama'y itititik
sa dahon n̄g aking lagás na pagibig.

Ikaw'y maniniwalang ang aking pagasa
sa iyo, kaylan ma'y hindi magbabawa,
sa iyo sisikat ang isang umaga
na dala ang aking magiging ligaya.

Kung walang tiwala sa aking panġako'y
saksi ang halik kong iyong itinago.
halik na sa iyong pisinġing maaamo'y
nakintal na tanda nġ aking pagsuyo.

Kung kulang ka pa ring tiwala buhay,
ako'y magtitiis sa kapighatian,
magtitiis ako, kahit nalalamang
ang *lungkot* nġ tao'y isang *karamdaman*.

Kung ikaw'y binata...

V.

Gaya nang hula ko: ikaw'y untiunting
nalayo sa aki't nagtatampong wari,
ikaw'y umilap at nabibighaning
ako'y pakanin mo nġ dusa't aglahi.

Panibagong lungkot na naman ang aking
naragdag sa iyong pihikang damdamin,
talaga na yatang ang aking paggiliw
ay di matutubos sa *sala't hilahil*.

Ninanis ko nang ako'y makaguhit
nġ bagong palad kong walang bahid dunġis
ay kung bakit ako'y lalong nabibinġit
sa pagkakasala at ikatatanġis...!

Hanggang nagiinġat itong kabuhaya'y
lalong nabubulid sa kapighatian,
hanggang ninanis yaong kalinisa'y
lalong dumurunġis itong kapalaran...

Hindi ko malaman itong nangyayari
sa kabuhayan kong bihag mong parati,
ang Aklat nġ aking tunay na Pagkasi'y
puno na nġ aking mġa pagsisisi.

Aking nalalamang hindi makukuha
nġ pagsisisi ko itong mġa sala,
nġuni't bayaan mong ang aking pag-asa'y
mag-abang sa iyo, nġ awa't ligaya.

Kung ikaw'y hindi ko makatkat sa diwa'y
sapagka't *lunas* ka sa aking pagluha,
ikaw sa *lungkot* ko'y kamay nġ biyaya,
ikaw sa *uhaw* ko'y hamog na mabisa.

Para ka mawaglit sa aking isipa'y
kailanġan ko pa ang isang libinġan,
at para maubos ang aking kundima'y
magbalik ka muna sa pinanggalinġan.

Gaya nġ alam mo: kita'y iniibig
nġ isang pagsintang singlawak nġ lanġit
nġuni... ano't ikaw'y tila nahahapis
sa pagmamahal kong wagas at malinis?

¿Nalulungkot ka ba? Di ko akalaing
iyong ikalungkot ang aking paggiliw,
di ko inasahang *dunġis* na ituring
ang pagmamahal kong may wastong layunin.

¿At kung ikaw kaya ang naging lalaki't
ako ang pinalad na maging babae,
kung hinahamak ko ang iyong pagkasi
ay ilang puso mo ang di maruhagi?

Sana'y nalaman mo, kung ikaw'y binata
ang hirap sa mundo nang lumuhaluha,
sana'y natalos mong ang lalong dakila
ay nagiging taksil sa laki n̄ nasa.

Huwag kang malungkot! Busugin sa layaw
ang uhaw sa iyong aking kabuhayan,
sa m̄ga labi mo, ako'y nauuhaw,
sa m̄ga pispn̄gi mo, ako'y mabubuhay.

Kung marun̄gisán ka n̄ aking pagibig
ay pagibig ko rin ang siyang lilinis,
at kung nahawa ka sa taglay kong hapis,
hapis mo't hapis ko ay magiging lan̄git.

Sa abo babangon...

Páhiná 70

VI.

Sa huli'y natumpak itong aking puso't
natutong tumupad sa aral mo't samo
titiisin ko nang ang aking pagsuyo'y
malibing sa hukay n̄ pagkasiphayo.

N̄gayon ko nalamang ang aking landasi'y
singdilim n̄ iyong tinamong damdamin,
n̄gayon ko natalos na ako'y sinupil
n̄ matinding udyok n̄ isang paggiliw.

Yamang sumikat na sa puso ko't isip
ang kaliwanagang bumihis sa hapis,
ay masasabi kong ang aking pagibig
ay handang lumagak sa pananahimik.

Magmula sa n̄gayon, kita'y igagalang
sa n̄galan n̄ ating pagkakapatiran,
kinikilala ko itong kamalian
na siyang naglagpak sa aking pan̄galan.

Ituring sa wala ang m̄ga nangyari't
iguhit sa tubig ang m̄ga nasabi,
ang laki at alab n̄ aking pagkasi,
n̄gayo'y gawing abo nitong pagsisisi.

Hindi pagkan̄galay n̄ aking panitik
ang naging dahilan n̄ pananahimik,
kung hindi sa nasang huwag maligalig
ikaw pa n̄ aking bulag na pagibig.

Napagaralan kong ikaw'y isang talang
kakambal n̄ aking damdamin at diwa,
aking natutuhang tumpak n̄ga at tama
ang m̄ga aral mong mahalagang pawa.

Ang m̄ga lungkot mo ay aking damdamin
at ang damdaming ko ay damdamin mo rin,
ang *akin* ay *iyong* ang *iyong* ay *akin*
at tayong dalawa'y may isang layunin.

Páhiná 71

Huwag nang ituring na ako'y kalaban
pagka't nagbago na ang aking isipan,
ang puso ko n̄gayon ay naliwanagan
pa kislap n̄ iyong mahalagang aral.

Dapat nang lumaki ang iyong pagasa
sa pagliliwayway n̄ bagong umaga,
ang daan mo n̄gayo'y puno n̄ sampaga't
ang daan ko'y puno n̄ tinik at dusa.

Magkakahiwalay itong ating palad
na gaya n̄ Dilim at Haring Liwanag,
ikaw'y magtatago't... sa pamamanang
at may ibayo kang gayuma't pan̄garap.

Samantalang ako'y tanġing magtatago
sa utos sa akin nġ Hukóm na Puso,
sa pagliliwayway ay talang malabo
ang makakatulad nġ aking pagsuyo.

Napakapait man sa aking pagibig,
kita'y iwawalay sa pitak nġ isip,
sa abo nġ aking papanaw na awit
ay babanġon itong buhay kong malinis.

Kung walang tiwala sa aking sinabi'y
saksi ko ang bagu't bagong mangyayari,
kung muling malisya ang aking pagkasi'y
tugunin nġ *sumpa* itong pagsisisi.

III.

ALBUM NG DALAGA...

HANDOG:

Kay Bb. Concepcion T. Garcia.

San Nikolas, Maynila.

Album ng Dalaga...

Páhiná 75

I.

Simula.

La princesita está bella.

Ruben Dario.

Ipahintulot mo, dalagang mayumi,
Na ilarawan ko ang ganda mong ari,
Ipahintulot mong awitin kong lagi
Ang kagandahan mong makahibang-pari.

Bulaan ang madlang balitang *Prinsesa*
Kung sa ganda mo nġa'y makahihigit pa,
At para sa akin, ikaw'y siyang *Reyna*
Nġ mġa kapwa mong masamyong sampaga.

Ang kaharian mo'y iyang kagandahan,
Ang mġa buhok mo't matang mapupunġay,
Ang paa't pishġi mo ay siya mong yaman.

Sa dalang ugali, ikaw'y isang birhen,
Kamia ka sa banġo't sa pagkabutihin,
Sa hinhi'y sampaga't sa ganda'y... tulain.

II.

Ang mga buhok mo...

*Tu pelo es una
nube del Oriente.*

Salvador Rueda.

Ang mġa buhok mo'y mahahabang ahas
Kung nakasalalay sa iyong balikat,
Mġa ulang waring di lupa ang hanap

Kundi sampagitang humahalimuyak.

Sa itim ay gabing walang buwa't tala,
Sa haba ay halos humalik sa lupa,
Sa lago'y halamang malago't sariwa,
Sa sinsi'y masinsin at nakahahanġa.

Páhiná 76

Naging katulad ka niyong Penelopeng
may timtimang pusong miminsang kumasi't
Ang naging aliwa'y luha't paghahabi.

Sa haba nġ iyong buhok nakilala
Ang kadalisan nġ pagkadalaga
At ang kahabaan nġ isang pag-asa.

III.

Ang mga mata mo...

Cantar quise tus ojos.

Campoamor.

Nang ikaw ay bago sumipot sa lupa'y
Ipinanghiram ka nġ mata sa tala,
Dalawang bituing sa hinhi'y sagana
Ang naging mata mong mayaman sa awa.

Sa mġa mata mo'y aking nasisilip
Ang bughaw na pilas nġ nununġong lanġit,
Mababaw na dagat ang nasa sa gilid
Na ang naglalalayag ay pusong malinis.

Di ayos matalim, ni hugis matapang,
Ni hindi maliit, ni di kalakihan,
Ang mġa mata mo'y maamo't mapunġay.

Kahinhina't amo ang nanġanġaninag,
Kalinisa't puri ang namamanaag,
Umaga ang laging handog mo sa palad.

IV.

Ang mga pisngi mo.

Naciente luz te corona.

Espronceda.

Ang lahat nġ buti'y natipon na yata
Sa kabataan mong ilag sa paraya,
Pati nġ pisnġi mong pisnġi niyong saga
Ay nakahihibang at nakahahanġa.

Ang mġa pisnġi mo'y malambot, maamo,
Mayumi, manipis at hindi palalo,
Ang sanġahang ugat kahit humahalo,
Ay napapabadha't... di makapagtago.

Kung ikaw'y hindi ko dating kakilala
Ako'y mamamangha kung aking makita
Ang mġa pisnġi mong wari'y gumamela.

Naiinggit ako sa paminsanminsang
Sa dampi nġ hanġing walang-walang malay,
Pano'y kanyang-kanya ang lahat nġ bagay..!

Páhiná 77

V.

Ang mga labi mo.

*Los labios del arcangel
en sus labios...*

Menendez Pelayo.

Ang m̃ga labi mo ay dalawang lanġit,
Lanġit-na di bughaw, ni lanġit nġ hapis,
Labi nġ bulaklak na kapwa ninibig
Labing mababanġo, sariwa't malinis.

Labi nġ sampagang may pait at awa,
Tipunan nġ pulót, tamis at biyaya,
Sisidlang ang lama'y kabanġuhang pawa,
Pook na tipanan nġ hamog at diwa.

Tagapamalita nġ lihim nġ puso,
May *oo* at *hindi*, may *tutol* at *samo*,
May buhay at palad, may tula't pagsuyo.

Ang m̃ga labi mo'y may pulót na tanġi
Kung iyan ang aking pagkaing palagi'y
Talo ko ang lahat, talo ko ang Hari.

Páhiná 78

VI.

Ang mga kamay mo.

*Pudiera yo tu mano de
azucena
Besar solo una vez..!*

Heine.

Aywan kung mayron pang hihigit sa kinis
Sa m̃ga kamay mong biluga't nilalik,
Garing na mistula sa puti at linis,
Sa lambot ay bulak, sa ganda'y pagibig.

Ang m̃ga daliring yaman mo't biyaya
Ay di hugis tikin, ni hubog kandila;
Ang ayos at hugis ay bagay at tama
Sa sutla mong palad na laman nġ diwa.

Ang makakandong mo't maaalagaan,
Ang mahahaplos mo't mahihiranghirang,
Ang kahit patay na'y muling mabubuhay.

Mahagkan ko lamang ang iyong daliri,
Sa kapwa makata, ako'y matatanġi
At marahil ako'y isa na ring Hari.

VII.

¡Ang mga paa mo..!

*Tus pequeños pies
Son tropos
Para mis piropos.*

Machado.

Takpan ma't ipikit ang m̃ga mata ko
Ay naguguhit din ang m̃ga paá mo,
Paang mapuputing nakababalino
Sa isip at buhay nġ payapang tao.

Paáng makikinis at makaulul-palad,
Ang hubog ay bagay sa laki mo't sukat,
Ang m̃ga sakong mo'y may pulang banayad,
Ang m̃ga paá mo'y singlambot nġ bulak.

Parang m̃ga paá nġ nababalitang
Cleopatra at Leda nġ panahong luma,

Páhiná 79

Pano'y mġa paáng sa ganda'y bihira.

Naiinggit ako sa bawa't yapaka't
siyang nagsasawa sa paá mong hirang,
¿Ano't di pa ako ang maging tuntunġan?

VIII.

Wakas...

*Tan dulce, tan bella,
tan tierna, tan pura.*

J. de Dios Peza.

Talagang natipon ang lahat nġ buti
Sa kabataan mong di pa kumakasi,
Ang lahat nġ yaman nġ isang babae
Ay nasa sa iyong sariwang parati.

Páhiná 80

Nasa sa iyo nġa ang lahat nġ bagay,
Ang banġo, ang tamis, ang kasariwaan,
Ang yumi, ang awit, ang uri, ang kulay
Ang hamog, ang sinag, ang tuwa't ang buhay.

Ikaw'y pagpalain, dalagang mapalad,
Ang kagandahan mo'y aking ikakalat
Sa silong nġ lanġit, sa Sangmaliwanag.

Kung may naghahanap sa bukang liwayway
Sa kabataan mo ay matatagpuan,
¡Di ko malilimot ang ganda mong iyan!

ANG PANYO...

Páhiná 81

I.

Pamahid nġ luha kung ginigiyagis
nġ masidhing panglaw,
pamawi nġ luhang sadyang tumitigis
sa pusong luhaan,
isáng kasangkapang ipinananakíp
sa mukhang may lumbay,
isáng mahiwagang tagapaghiwatig
nġ lihim na saklaw
nġ pusong sapupo nġ isáng pag-ibig
sa gitna nġ buhay.

II.

Panakíp sa bibig kung may simpang hiya
sa kinákaharáp,
isáng kagamitáng kung walang tiwala'y
pangbalot nġ sulat,
at páunang saksing minsang lumilikha
nġ lúbusang galák,
na mandi'y nánabi nġ masuyong wikang
tugon sa panġarap:—
*Sa inyong ibiga'y ang unang magdaya'y
panġanġanlang sukáb.*

III.

Isáng kasangkapang ang nagkakalayo'y
pinapaglalapít
kung binabalaan at sinisiphayo
nġ *isáng* may galit;
tagapamalitang may giliw at suyo
kung naghihiwatig
sa nagkakalayo't nagtitipáng puso

dahil sa pag-ibig.

.....
.....
Iyán ang halagá at bisa nǝ panyo
sa silong nǝ Lanġit.

Páhiná 82

IV.

Ang panyo'y pamahid sa luhaáng matá
nǝ lahát at lahát,
ang panyó ay piping nakapagbabadya
nǝ bawa't máhanġád,
ang lahat nǝ galáw na inyong makita'y
may lihim na sangkap,
katugón nǝ mithi nǝ mġa ninintang
hindi magkáusap;
may lihim na uring kalakip ang dusa
at maging nǝ galák.

V.

Ang panyong idampi sa labi, sa bibíg,
ay may kahulugáng:—
kitá'y sinisinta, kitá'y iniibig
hanggang sa libinġan;
at sakasakaling sa matá ipahid:—
ako'y namamanglaw
kung di ka makita, kung di ka masilip
nǝ dusta kong buhay;
at sakasakaling ihaplos sa dibdib:—
ako'y mamamatáy.

VI.

May tanġing halagá at tagláy na galíng
ang lahat nǝ panyo,
kaya't minimithing halos na agawin
nǝ mġa nunuyo,
minsang magpatibók sa mġa damdaming
patáy sa pagsamo,
malimit lumikha nǝ isang paggiliw
at pamimintuho't
madalas tumubos sa piping pagdaing
nǝ luhaáng puso.

¡Ang Pamaypay!

Páhiná 83

Ang lahat at lahat sa Sangkatauhan
ay may kanya-kanyang uri't kalagayan,
may ibig sabihin ang lahat nǝ bagay
na abot ó hindi nǝ damdam at malay,
ang panyo'y may lihim sa nagiibigan
gaya nǝ bulaklak at mġa halaman,
itong abaniko'y isang kasangkapang
pangdagdag sa puso nǝ init at buhay.

Sa Aklat nǝ Puso't Aklat nǝ Paggiliw
yaong abaniko'y may ibig sabihin,
may sariling uri't sariling tuntunin
may sariling layon at sariling lihim,
sa Talatinġigan nǝ mġa Damdamin
ang wikang Pamaypay ay tuwa't hilahil,
palad at tagumpay, at kung kukurui'y
taga pamalita niyong bukas natin.

Kalihim nǝ Puso't Patnubay nǝ Palad,
nǝiti nǝ liwayway sa likod nǝ ulap,
sa gitna nǝ buhay ay "isang watawat
na kulay lungtiang pakpak nǝ panġarap,
sagisag nǝ hinhin nǝ mġa mapalad,
baluti nǝ mġa babaeng banayad,

kublihan n̄g mukhang maramot maglagak
n̄g masayang n̄giting yaman n̄g panulat.

Isang kasangkapang gamit n̄g babae
at kung magkaminsa'y pati n̄g lalaki,
bibig na malayang nakapagsasabi
n̄g *oo* at *hindi* n̄g *sama* at *buti*,
isang kasangkapang sa nagsisikasi'y
papel at panulat, gayuma't buhawi,
sangla n̄g pag-ibig, na namamayani
sa lahat n̄g pusong bihag na parati.

Ang bawa't ikilos n̄g isang pamaypay
ay may isang wika, uri t kahulugan,
parang isang aklat na nagsasalaysay
n̄g hirap at tuwa, n̄g aliw at panglaw;
kung iyong dalasin ang m̄ga paggalaw
ang ibig sabihin: *Kita'y minamahal*;
kung biglang isara: *Ako'y nasusuklam*,
huwag nang lumapit at nang di magdamdam.

Páhiná 84

Yaong abanikong idampi sa labi,
ang ibig sabihi'y *Ikaw ang lwalhati*,
kung minsang itago'y *Hindi maaari*
ang iyong pagkasi't ang sa pusong susi'y
hawak na n̄g isang pan̄garap kong lagi,
at kung pisil-pisil n̄g m̄ga daliri'y:
inaantay kita't ang ama kong Hari'y
wala at sa monte'y nagbakasakali.

Kung kagat ang borlas—*Ako'y nahahapis*
dahil sa ginawang sa ati'y paglait,
kung buksang marahan—*Huwag kang man̄ganib*
at ang ating ulap ay magiging lan̄git,
kung buksang pabigla—*Sila'y nagagalit*
dahil sa sulat mong kanilang nalirip,
kung biglang ilaglag—*Si Kulasa'y bwisit*
at siyang nagsumbong nang tayo'y magniig.

Idampi sa pisin̄gi—*Huwág kang matulog*
at sa sine Luna, kami ay papasok,
idampi sa dibdib—*Ako'y nagseselos*
dahil sa kasamang tila lumuluhog,
kung biglang ipukol—*Sa iba ibuhos*
ang iyong pagsinta. Ikaw'y pahinuhod!

.....
Itong abaniko'y Dila sa Pag-irog,
Talatang may dusa, kamanyang, kampupot.

IV.

ANG ALBUM NI INA...

(*Ala-ala sa aking inang pumanaw:*
Rosa San Miguel ni de Leon, tagá
Samal, Bataan at namatáy sa Tundo,
Maynila, noong taong 1902.)

I.

Ang aking Ina.

Gaya rin n̄g iba, ang ina kong giliw
Ay inang mayumi't lubhang maramdamin,
Inang hindi yuko sa m̄ga hilahil,
Inang mapagbata at siya kong virgen.

Páhiná 87

Mayrong isang Diyos na kinikilala,
May isang dakilang pananampalataya,
Sa kanya ang madla'y kulay ng umaga,
Ang galit ay awa't sa poot ay tawa.

Siya ang dakilang Batas sa tahanan,
Kamay na masipag, Kampana ng buhay,
Susi ng pag-ibig na kagalanggalang.

Sa kanya ang lahat ay pawang mabuti,
Ang dukha't mayaman ay kapuripuri
Palibhasa'y inang may puso't pagkasi.

II.

Pag-ibig ni Ina.

Ang puso ni ina'y kaban ng paglingap,
May dalawang tibok na karapat-dapat,
Ang isa'y kay ama, kay amang mapalad
At ang isa nama'y sa amin nalagak.

Noong nabubuhay ang ina kong irog
Ang kanyang pagkasi'y samyo ng kampupot,
Ang lakas ng puso'y parang nag-uutos
Na ako, kaylan ma'y huwag matatakot...

Pagibig ni ina ang siyang yumari
Ng magandang bahay na kahilihili,
At nawag sa palad na katanngitanngi.

Timtimang umirog! Hanggang sa libingya'y
Dala ang pagkasing malinis, dalisay,
Dala ang damdaming kabanalbanalan.

III.

Ang halik ni Ina.

Ang mata ni ina'y bukalan ng luha
Kung may dala-dalang damdamin at awa,
Ang lahi ni ina'y sampagang sariwa
Na may laging laang halik at kalinnga.

Sa halik ni Ina ay doon nalagas
Ang tinik at bulo ng musmos kong palad,
Sa halik ni ina'y aking napagmalas
Na ako'y *tao* na't dapat makilamas.

Ang bibig ni inang bibig ng sampaga'y
Bibig na sinipi kina Clara't Sisa
Kaya't mayrong bisang kahalihalina.

Ang halik ng ina'y apoy sa pagsuyo,
Hamog sa bulaklak, Pag-asa sa puso't
Liwang sa mga isipang malabo.

IV.

Ugali ni Ina.

Kung mamamana ko lamang ang ugali
Ni inang sa aki'y nagpala't nag-ari'y
Marami sa akin ang mananaghili't
Sa aki'y tatannga lamang yaong Hari.

Ang asal ni ina'y aklat ng paglingap,
Salaming malinaw, bangong walang kupas,
Suhay ng mahinhin, sulo ng mapalad,
Mundong walang gabi, gabi ng walang ulap.

Ang salitang damot ay di kakilala,
Ang kamay ay lahad, hanggang nakakaya't
Tannging kayamanan ang pakikisama.
Sa kanya ay Diyos ang mga pulubi,

V.

Ang awit ni Ina.

Nang buhay si ina't ako'y kilik-kilik
ako'y pinagsawa sa alo at awit,
malaki na ako't may sapat n̄ isip
ay inaalo pa nang buong pag-ibig.

Ang musmos na patak n̄ nulo kong luha
sa kanya'y kundima't awiting dakila,
makarinig lamang n̄ iyak n̄ bata
sa aki'y lalapit at maguusisa.

Ako'y kakalun̄gin at ipaghehele,
ang awit-tagalog ay mamamayani
hanggang sa magsawa't ako'y mapabuti.

Ang awit ni ina'y laging yumayakap,
sa m̄ga awitin n̄ aking panulat
kaya't ang awit ko'y mayumi't banayad.

VI.

Libingan ni Ina.

Ang buhay n̄ tao'y parang isang araw
Na kung mayrong bago'y mayrong nan̄gan̄galay,
Ang palad ni ina'y di na nakalaban
Kaya't napatalo sa tawag n̄ hukay.

Ang buhay ni inang inutang sa lupa'y
Sa lupa rin namang nabayad na kusa,
Ang m̄ga mata kong maramot sa luha
Noo'y naging dagat na kahan̄gahan̄ga.

¡Wala na si ina! Ang lahat sa amin
Ay n̄giti n̄ dusa't kaway n̄ hilahil,
Lubog na ang araw na kagiliwgiliw.

Nagtaglay si ina n̄ dalawang hukay:
Ang isa'y sa lupang sanglaan n̄ buhay,
Ang isa'y sa aking pusong gumagalang.

VII.

Ang aral ni Ina.

Ang tan̄ging pamanang sa aki'y naiwan
Ay malaking gusi n̄ mayamang aral:
—Anak ko: hanapin iyang karunun̄gan,
Ang dunong ay pilak, ang aklat ay buhay.
—Sa harap n̄ bait, ay silaw ang lakas,
Sa harap n̄ matwid ay yuko ang lahat,
Ang mundo'y niyari n̄ paham at pantas,
Ang babae'y tinik n̄ isang bulaklak.
—Ang palalong tao'y halakhak n̄ han̄gin,
Ang aping mabait ay dapat lin̄gapin
At pagkailagan iyang sinun̄galing.
—Huwag kakayahin ang hindi mo kaya,
Nang ikaw'y malayo sa pula at tawa,
Umibig sa baya't magpakabait ka".

VIII.

Bulaklak kay Ina.

Wala na si ina! Gayon ma'y naiwan
sa akin ang kanyang mahalagang aral,
aral na sa ningning ay ningning n̄ araw,
aral na sa buti'y palad, diwa't yaman.

Larawang larawan lamang ang nalagak
sa akin ñ siya'y pumanaw at sukat,
larawan ni inang yaman ñ panulat,
larawang kakambal ñ aking panġarap.

Darakilang ina: ang iyong libinġa'y
sinasabugan ko ñ tala't kundiman,
ñ awit na siyang bulaklak ñ buhay.

Sa harap ñ iyong larawang dakila
ay may nagnininġas na isang kandila
panulat ñ iyong anak na naluha.

MGA PAPURI'T PARANġAL

SA KUMATHA NITO

Pagkatapos tungmayan...

Páhiná 93

Sa makatang
Pascual de León

Bulaklak, bulaklak, bulaklak sa bunġad,
Bulaklak sa gitna't sa dulo'y bulaklak,
Ito'y halamanang mayaman sa lahat,
Mayaman sa tamís, sa tuwa't panġarap.

Sa mġa talulot nito'y sumusunġaw
Ang diwa ñ isang apó ni Baltazar,
At sa mġa dahong sariwa't makulay
Ay napapatitik ang kanyang tagumpáy.

Malungkot kung minsan, kung minsa'y masayá,
Ñuni't kadalasa'y uhaw sa pag-asa;
Sa hanġad ay labis, at labis sa kaya,
Subali't sa tuwa'y ulilang-ulila.

Makatang Pasleo: Ang aking *Bulaklak*
Ay narito't handog sa una mong aklát.

BENIGNO R. RAMOS (*Ben Ruben*)

Bulakan, Bul., 1915.

Ramo de Laurel

Páhiná 94

Para el poeta vernacular,
Pascual de Leon.

Para tu jóven frente de tagalo poeta,
De poeta que entona sus versos de pasión,
Ofrezco una corona de flores de violeta
Y entónate mi lira su mágica canción.

Es tu canto armonioso inspiración de ondinas,
Es tu verbo potente como el brillo del sol,
Y tus musas son todas dalagas filipinas
Que habitan en las ondas azules del pansol.

Tu lira multiforme con sus cuerdas de oro
Tiene cantos dolientes, tiene ayes de lloro,
Tiene dulces lamentos y suspiros de miel.

Tiene versos de rosa que disipan tristezas
De las bellas morenas filipinas princesas
Que te ofrecen sonrientes un *ramo de laurel*.

Octavio C. Madrid.

Septiembre 18, 1915.

PANUOB...

Páhiná 95

Sa katotong makatang
Pascual de Leon.

Hayan ang makata. Haya't umaawit
nã m̃ga kundimang pang-lupa't pang-lanġit,
hawak ang kudyaping malambing ang tinig
at pinangsasaliw sa ligaya't sakit.

¿Kung siya ay sino? Iyan ang makatang
ang tula't tulain ay matalinghaga,
m̃ga lungkot, dusa, daing, hirap, luha,
Galit, sumpa't lambing ang puso at diwa.

Ang kanyang tulai'y sing-lambot, sing-linaw
nã tubig sa wawa, sa sapa't batisang
Balana'y sumimsim sa tamis na taglay.

Hayan ang makata. Kayó ang magsabi
Kundi siya'y dapat na *Danġal at Puri*
at maging *putong* pa nã Wikang sarili.

HERMÓGENES T. REYES.
(*Sa Ilaw at Panitik*)

Tundó, Set., 1915.

¡Bulalakaw...!

Páhiná 96

Sa Katotong
Pascual de Leon.

Sa harap nã iyong magarang pagsikat
ay pinaglaho mo ang aking liwanag.
Araw kang nagbanġon sa himlayang palad
at kinasilawan nã aking banaag.

Sa lanġit mo, ako ay balanġaw lamang,
sa ilaw mo, akó ang aninong tunay...
Diwa mo sa aking diwa ay isilay
at aawitin ko ang iyong panġalan.

Tulóy!... Hanggang ako'y di pa nagsasawang
umawit sa lihim nã m̃ga hiwaga,
ako'y kasama mong hahanap nã pala.

Sa iyong hantunġang lanġit nã pagasa
ay doón nároon ang m̃ga sampaga...
Pupulin mo't yao'y sa WIKA mong mana!

CIRIO H. PAÑGANIBAN.
(*Sa Ilaw at Panitik*)

Bukawe, Bul., 1915.

Mga mali sa pagkakalimbag

Nababasa	Dapat basahin	Dahon
luwalhati	<i>lwahati</i>	10

mayroong	<i>mayrong</i>	12
liyaga	<i>ligaya</i>	15
hangtunġan	<i>hantunġan</i>	15
kalika't	<i>halika't</i>	16
magalak	<i>malagak</i>	19
Sukat na sinta!	<i>Sukat na nġa sinta!</i>	21
sigaw	<i>sigwa</i>	51
maamo	<i>maaamo</i>	67
virgen	<i>birhen</i>	75
pagkabutihin	<i>sa pagkabutihin</i>	75
nu ve	<i>nube</i>	75
Paano	<i>Pano</i>	77
Besarlo	<i>Besar solo</i>	78
Tagpan	<i>Takpan</i>	79
Naiingit	<i>Naiinggit</i>	79
Paano'y	<i>Pano'y</i>	79
Tu dulce	<i>Tan dulce</i>	79
magpatibook	<i>magpatibok</i>	82
nagbabakasakali	<i>nagbakasakali</i>	84

Basahin ang **Martir del Golgota**, isang mainam na aklat na nahahati sa dalawang toma.

Ipinagbibili sa lahat nġ Aklatan.

"IDEAL STUDIO"
CARLOS DIZON, May-ari.
Daang Sulcedo, blg. 508, Sta. Cruz, Maynila.

Dito'y naglalarawan araw-araw at maging sa gabf, kung kinakailanġun nġ kaht' sino.
Ang peinadora rito ay nakagagawa nġ iba't ibang hugis nġ pusod, palibhasa'y sandy at pili.
*Ang IDEAL STUDIO, dahil sa kainaman at ka-
 linitisan nġ kanyang mga kulang larawan ay naglamó nġ TANGING GANTING-PALA na MEDALYANG GINTO sa tanghalang Panghalahatan nġ Pilipinas noong 1914.*

Chineleria "KATIPIRAN"
 SI
SOLEDAD R. bato ni PANGAN
Daang Tabora, blg. 796, Tundó, Maynila.

Ang mga yari ritong sinelas, kotsa, sapatilya at iba pa, ay patayang matilibay at magagamdá. Gayon man, ang mga ito'y ipinagbibili sa murang halagá lamang.
Subukan at nang kayo'y maniwala.



*** END OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BUNTONG HININGA ***

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE
THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase "Project Gutenberg"), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at www.gutenberg.org/license.

Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™ electronic works

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. "Project Gutenberg" is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation ("the Foundation" or PGLAF), owns

a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website (www.gutenberg.org), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project

Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, "Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation."

- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain "Defects," such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the "Right of Replacement or Refund" described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you 'AS-IS', WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™ electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the

production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™'s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at www.gutenberg.org.

Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's website and official page at www.gutenberg.org/contact

Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit www.gutenberg.org/donate.

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: www.gutenberg.org/donate

Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: www.gutenberg.org.

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.